## Kasunduan sa Business Profile sa Remitly sa US

Welcome sa Business Profile sa Remitly, na ibinibigay ng Remitly, Inc. (“Remitly", “kami”, “namin”, “amin”). Binabalangkas ng Kasunduan sa Business Profile (“Kasunduan”) na ito ang mga tuntunin at kundisyon kung saan maaaring gamitin ng iyong business (“Customer”, “ikaw”, “iyong”) ang aming mga serbisyo sa remittance para sa iyong business (“Business Profile” o “Serbisyo”). Sa pamamagitan ng pag-access o paggamit sa aming mga serbisyo, sumasang-ayon kang susunod at mapapailalim sa Kasunduang ito. Nalalapat ang Kasunduang ito sa Business Profile sa Remitly sa United States.

Nakalaan sa Remitly ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang Kasunduang ito o ang alinman sa mga Patakarang nakalista sa ibaba, kasama na ang pagbago, pagdagdag, o pag-aalis ng mga bahagi ng Kasunduang ito, anumang oras. Gagawin namin ang aming makakaya para bigyan ka ng abiso sa mga pagbabago sa Kasunduang ito. Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng Serbisyo pagkatapos magkaroon ng bisa ang anumang pagbabago sa Kasunduang ito, sumasang-ayon ka at tinatanggap mo ang mga pagbabago. Maaari mong suriin ang pinakabagong bersyon ng Kasunduan anumang oras sa aming website. Sumasang-ayon kang hindi mo dapat baguhin ang Kasunduang ito at kinikilala mong ang anumang pagtatangka mong baguhin ang Kasunduang ito ay hindi kilalanin.

**NASASAKLAWAN NG KASUNDUANG ITO ANG PAGGAMIT NG IYONG BUSINESS PROFILE AT NALALAPAT SA LAHAT NG USER NA BUMIBISITA O NAG-A-ACCESS SA SERBISYO. SA PAMAMAGITAN NG PAG-ACCESS O PAGAMMIT NG BUSINESS PROFILE SA ANUMANG PARAAN, PAGKUMPLETO SA PROSESO NG PAGPAPAREHISTRO NG ACCOUNT, PAG-BROWSE SA WEBSITE, O PAG-DOWNLOAD SA APPLICATION, KINATAWAN MONG: (1) NABASA MO, NAUUNAWAAN, AT SUMASANG-AYON KANG SAKLAWIN NG KASUNDUANG ITO (2) NASA LEGAL NA EDAD KA UPANG MAGKAROON NG MAY BISANG KONTRATA SA REMITLY; AT (3) HINDI KA PINAGBABAWALANG GAMITIN ANG SERBISYO SA ILALIM NG MGA BATAS NG UNITED STATES, IYONG LUGAR NG TIRAHAN, O ANUPAMANG NAAANGKOP NA HURISDIKSYON.**

**ANG KASUNDUANG ITO AY NAGLALAMAN NG PROBISYON SA PAGLUTAS NG HINDI PAGKAKAUNAWAAN AT MAY BISANG PAG-AAREGLO, WAIVER SA CLASS ACTION, AT WAIVER NG KARAPATAN MO SA ISANG PAGLILITIS NG JURY, NA MAKAKAAPEKTO SA IYONG MGA KARAPATAN PATUNGKOL SA MGA HINDI PAGKAKAUNAWAAN NA MAYROON KA SA REMITLY AT ANUMANG NAUUGNAY NA PARTIDO. SURIIN NANG MABUTI ANG MGA SEKSYON 11 SA IBABA.**

Huwag gumawa ng Business Profile kung hindi ka sumasang-ayon na mapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduang ito. Kung, pagkatapos magbukas ng Business Profile sa

Remitly, ay gusto mong wakasan ang Kasunduang ito, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsasara sa iyong Business Profile sa Remitly. Hindi sinasaklaw ng Kasunduang ito ang mga serbisyo sa consumer. Kung plano mong gamitin ang Remitly para lang sa mga layuning pampersonal, pampamilya o pang-sambahayan, huwag mag-set up ng Business Profile. Kung gusto mong gamitin ang Remitly para sa mga layuning pang-business at pampersonal, maaari kang mag-set up ng consumer at business profile para pamahalaan ang mga nasabing aktibidad. Suriin ang aming website para sa higit pang impormasyon.

**PAKIBASA NANG MABUTI ANG KASUNDUANG ITO. Legal na may bisa ang mga tuntunin ng Kasunduang ito.**

**1\. Tungkol sa Kasunduang ito**

**Mga terminong binigyan ng kahulugan**. May partikular na kahulugan ang mga terminong nasa malaking titik sa Kasunduang ito. Ipinapaliwanag sa Kasunduang ito ang kahulugan ng mga ito.

**Anong mga panuntunan ang sinusunod namin**. Sinusunod namin ang mga panuntunan at kinakailangan ng, at kinokontrol ng, lahat ng Estado at Teritoryo kung saan binigyan kami ng lisensya bilang Money Transmitter (NMLS \#1028236) sa United States, Office of Foreign Assets Control, na bahagi ng U.S. Department of Treasury, at ng Federal Trade Commission, at ng Consumer Financial Protection Bureau. Nakarehistro din kami sa Financial Crimes Enforcement Network (\#31000221303796).

**Iba pang Kasunduan at Patakarang dapat mong sundin**: Sa pamamagitan ng paggamit sa aming Business Profile, sumasang-ayon ka ring mapailalim sa aming (i) [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/us/tl/home/policy), (ii) [Patakaran sa Cookie](https://www.remitly.com/us/tl/home/cookies), and (iii) [Paghahayag ng E-sign at Pahintulot](https://www.remitly.com/us/tl/home/esign). Nakalaan sa amin ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang Kasunduang ito o ang alinman sa mga patakarang nakalista sa itaas, anumang oras. **Maaaring wakasan, suspindihin, baguhin, o paghigpitan ng Remitly ang access sa lahat o sa anumang bahagi ng Mobile App, website, o Mga Serbisyo nang walang abiso o pananagutan.**

**Paggamit ng Business Profile:** Para ma-access ang mga feature ng aming Business Profile, inaatasan kang magparehistro sa Remitly at mag-set up ng Business Profile sa Remitly sa website ng Remitly. Para magbukas ng Business Profile sa Remitly, kung hindi mo pa nagagawa, dapat mong ibigay sa amin ang iyong email address at gumawa ng password. Nakabinbin ang matagumpay na pagkumpleto sa anumang kinakailangang hakbang na iniaatas sa amin na gawin para ma-verify ang impormasyon

ng business mo, at pagkatapos nito ay magkakaroon ka ng access para magamit ang iyong Business Profile sa Remitly.

**Awtoridad:** Nauunawaan mo at sumasang-ayon kang may awtoridad ang natural na taong lumagda sa Kasunduang ito na kumilos sa ngalan ng at isinasailalim niya ang iyong business sa Kasunduang ito at na gamitin ang Serbisyong ito. Maaaring naming hilingin sa iyo anumang oras na ibigay ang nasabing awtoridad. Kung hindi ka magbibigay ng katibayan ng awtoridad na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang Business Profile sa Remitly o huwag kang bigyan ng access.

Dapat ding ituring na nasa good standing ang iyong business sa estado ng iyong pagpaparehistro. Maaari naming hilingin sa iyo anumang oras na ibigay ang nasabing good standing. Kung hindi ka magbibigay ng nasabing katibayan na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang iyong Business Profile sa Remitly o huwag kang bigyan ng access.

**Seguridad ng Account**: Ang iyong Business Profile sa Remitly ay para lang sa business mo. Hindi ka pinapayagang magsagawa ng mga non-business transaction sa Business Profile na ito. Hindi mo dapat ibahagi ang impormasyon ng Business Profile mo sa kahit kanino na hindi pinapahintulutang gamitin ang account na ito o mag-send ng pera sa ngalan ng iyong business. Kung sa palagay mo ay posibleng na-access ng ibang tao ang iyong Business Profile sa Remitly na hindi dapat mag-access dito, dapat mo kaming abisuhan sa lalong madaling panahon. **Dapat mo ring malaman na hindi namin kailanman hihingin ang iyong password sa Remitly Account**. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano namin kinokolekta, sino-store, at ibinabahagi ang iyong impormasyon, pakitingnan ang aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/us/tl/home/policy).

**Paano makipag-ugnayan sa amin para sa mga reklamo, hindi pagkakaunawaan, o iba pang isyu:** Umaasa kaming magugustuhan mong gamitin ang Business Profile sa Remitly. Kung hindi namin matutugunan ang iyong mga inaasahan, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng aming Page ng Mga Reklamo, tawagan kami sa 1-844-604-0924 o mag-send sa amin ng email sa us-complaints@remitly.com para masubukan naming ayusin ang bagay-bagay. Kung gusto mong ihinto ang paggamit sa aming Business Profile anumang oras, pakisara ang iyong profile o makipag-ugnayan sa amin para sa tulong.

**2\. Pangkalahatang-ideya ng Business Profile** Ang Serbisyo ng Business Profile sa Remitly ay nagbibigay-daan sa mga rehistradong business user na mag-send ng mga international money transfer mula sa United States papunta sa Mga Recipient sa Pilipinas, India, Pakistan, Brazil, Dominican Republic, at Mexico. Maaari naming i-update ang listahang ito at magdagdag o mag-alis ng mga bansa sa sarili naming pagpapasya.

Nakalaan sa Remitly ang karapatang ihinto ang pag-aalok ng mga money transfer sa alinmang bansa anumang oras, nang pansamantala o permanente, nang walang abiso sa iyo.

### 3\. Pagsisimula at Paggamit sa aming Business Profile

**Paggawa ng Account.** Para magamit ang Serbisyo, dapat ay isa kang limited liability corporation (LLC) o sole proprietorship sa US na may good standing sa hurisdiksyon kung saan nakarehistro ang iyong business. Inaatasan kang gumawa ng Remitly Account. Makakagawa ka lang ng Remitly Account para sa Business Profile sa website ng Remitly. Para gumawa ng Remitly Account at gamitin ang Serbisyo, maaari kang atasan na bigyan kami ng impormasyon tungkol sa iyong business, kasama ang pero hindi limitado sa pangalan ng business mo, address ng business, pangalan sa Doing Business As (“d/b/a”), EIN o ITIN, estado kung saan itinatag, paglalarawan sa business, at uri ng entity. Nagbibigay-daan sa amin ang iyong Remitly Account na mag-record ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyo, gaya ng ipinaliwanag sa aming [Patakaran sa Privacy](https://www.remitly.com/us/tl/home/policy). Maaari ka ring atasan na magbigay ng impormasyon tungkol sa (Mga) Beneficial Owner at (Mga) Control Person ng iyong business, kasama ang pangalan, address, at petsa ng kapanganakan. **Kung magbabago ang nasabing impormasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer para i-update ang iyong impormasyon.**

Para gumawa ng Remitly Account, ikaw ay responsable para sa at dapat mong gawin ang sumusunod:

- Magbigay sa amin ng kumpleto, tumpak, at makatotohanang impormasyon ayon sa hinihiling namin. Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin din namin para matukoy kung kwalipikado kang gamitin ang aming Serbisyo;
- Gumawa ng mga kredensyal ng seguridad, gaya ng password o personal identification number, na ipagpapalagay ng Remitly na kinakailangan (“Mga Kredensyal ng Seguridad”) at/o pag-download ng aming Mobile App;

Kapag inatasang gumawa ng pagbabayad sa pamamagitan ng Serbisyo, dapat mo rin kaming bigyan ng impormasyon tungkol sa iyong mga paraan ng pagbabayad gaya ng iyong bank account, o debit o credit card (kung sama-sama, “Mga Paraan ng Pagbabayad”). Kapag bibigyan mo kami ng impormasyon tungkol sa iyong Paraan ng Pagbabayad para sa layunin ng paggamit sa Serbisyo, pinapahintulutan mo ang Remitly na i-store ang impormasyong iyon sa file para sa paggamit para sa mga pag-transfer ng mga pondo. Bilang karagdagan, kinakatawan at ginagarantiya mong:

- Ang bawat Paraan ng Pagbabayad ay may bisa, hindi nag-expire, at may good

standing at may bisa para gamitin sa Serbisyo;

- isa kang awtorisado at sumusunod sa batas na user ng bawat Paraan ng Pagbabayad;
- ang bawat Transaction na hihilingin mo sa pamamagitan ng Serbisyo ay sumusunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at panuntunan; at
- magsagawa ng anupamang pagkilos na maaari namin, o ng aming mga third-party na Provider ng Serbisyo (binigyan ng kahulugan sa ibaba), makatuwirang atasan kang i-access at gamitin ang Serbisyo.

**Seguridad ng Iyong Remitly Account.** Ikaw ang natatanging responsable para sa pag-iingat sa iyong Mga Kredensyal ng Seguridad. Aabisuhan mo kami kaagad tungkol sa anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong password o Remitly Account o anupamang paglabag sa seguridad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa Help Center namin.

**Control Person; Awtoridad na Kumilos sa Ngalan ng Iyong Business; Awtorisadong User.** Kinukumpirma mong ikaw ang control person ng business na ito. Kapag tinutukoy namin ang control person, ang ibig naming sabihin ay isa kang taong may malaking responsibilidad para sa pamamahala sa business na ito.

Kinukumpirma mong ikaw o iyong mga inaprubahan mong gumamit ng account na ito ang natatanging user ng account na ito sa ngalan ng business na ito. Kinukumpirma mong mayroon kang awtoridad na isailalim ng business para kung kanino mo ginagamit ang aming Serbisyo, at tinatanggap ng business ang mga tuntunin ng Kasunduang ito. Maaaring naming hilingin sa iyo anumang oras na ibigay ang nasabing awtoridad.

Ikaw ang responsable para sa lahat ng aktibidad na mangyayari sa ilalim ng iyong Business Profile. Ang pagbibigay ng pahintulot na i-access ang iyong Business Profile sa Remitly ay hindi nag-aalis sa iyo ng mga responsibilidad mo sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pag-abiso sa amin kung nakompromiso ang iyong Business Profile sa Remitly o kung pinaghihinalaang mali o hindi awtorisado ang isang transaction.

**Dapat Mong Gamitin ang Aming Mga Serbisyo para Lang sa Iyong Business.** Hindi ka dapat gumawa ng Business Profile sa Remitly at hindi ka dapat magsumite ng Transaction sa ngalan ng anumang iba pang business o sa iyong personal na kapasidad. Available lang ang Serbisyong ito sa mga may bisang business, ibig sabihin ay para sa paggamit ng mga business customer sa kanilang pangkumpanya o pangkomersyal na kapasidad. Kapag ginamit ang aming Serbisyo para sa anupamang

layunin, lumalabag ka sa Kasunduang ito. Nakalaan sa amin ang karapatang wakasan ang iyong Business Profile sa Remitly, suspindihin o ihinto ang pagbibigay sa iyo ng aming Serbisyo o kaya naman ay ipahinto ang paggamit mo sa aming Serbisyo anumang oras nang walang pananagutan sa iyo.

**4\. Katanggap-tanggap na Paggamit** <a name="4-acceptable-use"></a>

Itinatakda sa seksyong ito ang mga tuntunin kung saan maaari mong gamitin ang aming Serbisyo at nalalapat sa sandaling i-access at/o gamitin mo ang Business Profile.

**a. Pagsunod:** Maaari mo lang gamitin ang aming Serbisyo para sa mga layuning naaayon sa batas. Sumasang-ayon kang gagamitin ang Serbisyo alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon, kasama ang pero hindi limitado sa anti-money laundering (AML), counter-terrorism financing (CTF), at mga regulasyon na know your customer (KYC) at mga kinakailangan na know your business (KYB). Hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa anumang paraan na:

- lumalabag sa anumang naaangkop na lokal, pambansa, o internasyonal na batas o regulasyon, o nagdudulot na lumabag ang Remitly sa anumang naaangkop na batas o regulasyon;
- labag sa batas o mapanloko, o may anumang labag sa batas o mapanlokong layunin o epekto;
- para sa layuning magdulot ng panganib o subukang magulot ng panganib sa mga menor de edad sa anumang paraan;
- para sa anumang bagay na mapang-abuso, mapanganib, o hindi sumusunod sa aming mga pamantayan sa content;
- para sa anumang hindi hingi o hindi awtorisadong pag-advertise, pampromosyong materyal, o anupamang anyo ng spam;
- makilahok sa mga mapanganib na program gaya ng mga virus, spyware, o katulad na computer code na idinisenyo para magkaroon ng hindi magandang epekto sa operasyon ng anumang computer software o hardware;
- sa anumang paraan na lokal o internasyonal na hindi babayaran ang anumang naaangkop na buwis o pangasiwaan ang hindi pagbabayad ng buwis.

**b. Mga Ipinagbabawal na Aktibidad:** Hindi mo dapat gamitin ang Serbisyong ito para sa mga ilegal na transaction, gaya ng money laundering, ilegal na pagsusugal, panloloko, o para pondohan ang mga aktibidad ng terorista. Sumasang-ayon ka ring hindi gagamitin ang Serbisyo sa anumang paraan na maaaring makasira, maka-disable, makabigat, o makapinsala sa aming mga system o seguridad.

Sa Kasunduang ito, kinukumpirma mong hindi mo gagawin ang sumusunod: 1\) maliban kung saan ipinagbabawal ng batas, gamitin sa anumang paraan ang aming Serbisyo kaugnay ng mga business o aktibidad ng business na nakalista sa ibaba sa seksyong ito; at 2\) mag-send ng pera sa isang Recipient na lumabag sa Kasunduang ito o sa [Kasunduan sa User ng Remitly.](https://www.remitly.com/us/tl/home/agreement) Bagama't kumakatawan ang listahang ito, hindi ito kumpleto, at nakalaan sa amin ang karapatang suspindihin, limitahan, o huwag ibigay ang aming Serbisyo at/o isara ang iyong account, sa sarili naming pagpapasya, sa sinumang customer na pinaniniwalaan naming posibleng lumabag sa seksyong ito, sa anumang bahagi ng Kasunduang ito, o lumampas sa aming pag-tolerate sa panganib. Maaaring ilapat ang mga pagbubukod, kabilang ang mga kaso kung saan ito ay pinahihintulutan o iniaatas alinsunod sa naaangkop na batas ng estado ng Estados Unidos.

- Mga produkto o serbisyong para sa entertainment ng pang-nasa hustong gulang (sa anumang medium, kasama ang Internet, telepono, o naka-print na materyal);
- Mga business na alak;
- Mga produktong tabako;
- Cannabis;
- Ilang partikular na kinokontrol na substance o iba pang produkto na kumakatawan sa panganib sa kaligtasan ng consumer;
- Paraphernalia ng droga;
- Mga parmasyutiko;
- Mga kemikal;
- Mga produktong peke o hindi awtorisado (hal., hindi awtorisadong pagbebenta ng mga designer at/o branded na produkto);
- Pagsusugal;
- Paglabag sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian o pinagmamay-arian;
- Mga produkto at serbisyong hindi legal sa hurisdiksyon na iniaalok;
- Mga armas, parte ng armas, bala, mga kasangkapan, o iba pang device na idinisenyo para magdulot ng pisikal na panganib;
- Pagte-trade ng ipinagbabawal at/o endangered na species ng hayop at mga produktong nakukuha sa mga ito;
- Crowdfunding o serbisyong nakabatay sa mga donasyon;
- Pagpapayo sa credit o mga ahensyang nag-aayos ng credit;
- Mga serbisyo ng pagprotekta sa credit o pagprotekta mula sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan;
- Mga abugado para sa pagka-bankrupt o mga ahensyang nangongolekta na

kasama sa pagkolekta ng utang;

- Mga kumpanyang sangkot sa palitan o pag-trade ng mga cryptocurrency o anupamang virtual na currency;
- Mga escrow na serbisyo;
- Mga pinansyal na institusyon at pinansyal na produkto, serbisyo, at seguridad kasama ang mga facilitator ng bayad, Mga Money Service Business, peer to peer na transaction, prepaid card, insurance ng tseka o iba pang pinansyal na merchandise o serbisyo;
- Pag-order sa internet/mail/telepono ng mga produktong pinaghihigpitan ang edad (hal., tabako);
- Mga multi-level marketing na business, pyramid scheme, at referral marketing;
- Mga produkto at serbisyong may mataas na panganib, kasama na ang mga pagbebenta sa pamamagitan ng telemarketing.

**c. Katumpakan ng Impormasyon:** Sumasang-ayon kang magbibigay ng tumpak, napapanahon, at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong sarili at mga transaction mo, at agad na ia-update ang lahat ng impormasyon para panatilihin itong tumpak, napapanahon, at kumpleto.

**d. Mga Pagbabago sa Seksyong ito:** Maaari naming baguhin ang Seksyong ito anumang oras. Inirerekomenda naming regular na suriin ang page na ito dahil ito ay legal na may bisa sa iyo.

**5\. Pagsunod at Pag-verify**

**a. Impormasyong KYB:** Dapat kang magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon na kailangan para sa pagsunod sa KYB at agad na i-update ang anumang pagbabago sa impormasyong ito.

**b. Pagsusuri sa Pagsunod:** Nakalaan sa amin ang karapatang magsagawa ng mga pagsusuri at pag-audit para sa pagsunod para ma-verify ang iyong pagsunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas.

**6\. Mga Fee at Bayad** Sasabihin sa iyo ang mga fee para sa Mga Serbisyo at maaari itong i-update paminsan-minsan. Sumasang-ayon kang babayaran ang lahat ng naaangkop na fee para sa Mga Serbisyong ginamit.

**Ang mga fee para sa aming Serbisyo ay tutukuyin sa dashboard ng iyong account o sa**

**hiwalay na iskedyul ng fee. Ikaw ang responsable para sa pagbabayad ng lahat ng fee na nauugnay sa iyong mga transaction at anumang naaangkop na buwis.**

**Mga Limitasyon sa Transaction:** Ang mga limitasyon sa transaksyon ay maaaring ilapat sa iyong paggamit ng aming Serbisyo, na maaaring mag-iba-iba batay sa iyong status sa pagsunod, history ng transaction, at sa aming pamamahala sa panganib. Nakalaan sa amin ang karapatang i-adjust ang mga limitasyong ito alinsunod sa mga kinakailangan sa regulasyon at sa aming mga patakaran sa pamamahala sa panganib.

**Perpektong Pangako sa Delivery.** Bago ka magsumite ng Transaction, magbibigay kami sa iyo ng eksaktong petsa at oras, at nakalagay din sa resibo ng Transaction mo, kung kailan mo maaasahan ang pera mo sa >

- Mag-send sa amin ng email sa us-complaints@remitly.com;
- makipag-ugnayan sa amin sa aming [Page ng Mga Reklamo;](https://www.remitly.com/us/en/help/article/complaints-process?language=en*US)*
- tawagan kami sa 1-844-604-0924; o
- mag-send sa amin ng mail sa Remitly, Inc. attn: Serbisyo sa Customer, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.

**7\. Pagbabayad-danyos**

Sumasang-ayon kang babayaran ng danyos at hindi ipapahamak ang Remitly, Mga Service Provider, at ang mga kaukulang subsidiary, opisyal, ahente, kasosyo, at empleyado mula sa anumang claim o demand, kasama na ang mga makatuwirang fee ng abugado, na ginawa ng sinumang third party dahil sa o nagmumula sa iyong paggamit ng Serbisyo, iyong koneksyon sa Serbisyo, iyong paglabag sa Kasunduan, o iyong paglabag sa anumang karapatan ng iba.

**8\. IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN** Ang mga tanong, notification, at kahilingan para sa mga refund o karagdagang impormasyon ay maaaring i-send sa Remitly, gaya ng sumusunod: online; sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa 1-888-736-4859 (sa labas ng United States, tumawag sa (206) 535-6152); o sa pamamagitan ng mail sa Remitly Inc., attn: Customer Service, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.

**9\. LIMITASYON NG PANANAGUTAN** HANGGANG SA GANAP NA LIMITASYONG PINAPAHINTULUTAN NG NALALAPAT NA BATAS HINDI KAILANMAN MANANAGOT ANG REMITLY, MGA SERVICE PROVIDER, O ANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, OPISYAL, AHENTE, KASOSYO, O EMPLEYADO PARA SA ANUMANG DIREKTA, HINDI

DIREKTA, NAGKATAON, ESPESYAL, KINAHINATNAN O TIPIKAL NA DANYOS NA LALAMPAS SA HALAGANG $500.00 (BUKOD PA SA PAG-REFUND NG HALAGA NG TRANSACTION AT MGA SERVICE FEE), KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA PINSALA SA PAGKAWALA NG KITA, PAGKAKAWANGGAWA, PAGGAMIT, DATA O IBA PANG HINDI TIYAK NA PAGKAWALA (KAHIT NA PINAYUHAN NA ANG REMITLY TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG MGA NATURANG PINSALA) NA MAGRERESULTA SA KAPABAYAAN NG REMITLY, MGA KASOSYO SA DISBURSEMENT, O NG KANILANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, OPISYAL, AHENTE, KASOSYO, O EMPLEYADO.

**10\. MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NANG WALANG WARRANTY**

ANG MGA SERBISYO AY IBINIBIGAY NANG GANOON AT AYON SA PAGIGING AVAILABLE. ITINATANGGI NG REMITLY ANG LAHAT NG IPINAHAYAG, IPINABATID, O NASA-BATAS NA WARRANTY NG PAMAGAT, KAKAYAHANG MAIKALAKAL, O KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, AT LAHAT NG WARRANTY NG HINDI PAGLABAG NG MGA SERBISYO. WALANG ANUMAN SA KASUNDUANG ITO ANG PAPAKAHULUGAN PARA GUMAWA O MAGPABATID NG ANUMANG NASABING WARRANTY.

ANG MGA SERBISYO NG THIRD-PARTY AY HINDI IBINIBIGAY O KINOKONTROL NG REMITLY. ANG REMITLY AY HINDI NAGBIBIGAY NG SUPORTA PARA SA AT ITINATANGGI NITO ANG LAHAT NG PANANAGUTANG NAGMUMULA SA MGA PAGKABIGO O PAGKALUGING IDINUDULOT NG MGA SERBISYO NG THIRD-PARTY.

ITINATANGGI NG REMITLY ANG LAHAT NG WARRANTY AT HINDI NITO GINAGARANTIYA NA (A) TUMPAK AT WALANG ERROR ANG MGA SERBISYO AT DATA NA IBINIBIGAY SA ILALIM NG KASUNDUANG ITO; (B) MATUTUGUNAN NG MGA SERBISYO ANG IYONG MGA PARTIKULAR NA PANGANGAILANGAN O KINAKAILANGAN; (C) ANG MGA SERBISYO AY MAGAGAMIT NG KUMPANYA, MGA ADMINISTRATOR, O USER SA ANUMANG PARTIKULAR NA ORAS O LOKASYON; (D) ANG MGA SERBISYO AY HINDI MAAANTALA, SECURE, O HINDI TATAMAAN NG HACKING, MGA VIRUS, O NAKAKAPINSALANG CODE; AT (E) IWAWASTO ANG ANUMANG DEPEKTO SA MGA SERBISYO, KAHIT NA PINAYUHAN KAMI TUNGKOL SA MGA NASABING DEPEKTO.

WALANG PANANAGUTAN ANG REMITLY PARA SA AT ITINATANGGI NITO ANG PANANAGUTAN PARA SA ANUMANG PINSALA, PANGANIB O PAGKALUGI MO, SINUMANG USER, O ANUMANG ENTITY NA MAGMUMULA SA HINDI AWTORISADONG PAG-ACCESS O PAGGAMIT NG IYONG ACCOUNT O NG MGA SERBISYO.

**11\.  PAGLUTAS SA HINDI PAGKAKAUNAWAAN AT KASUNDUANG MAG-AREGLO**

NAAAPEKTUHAN NG SEKSYONG ITO ANG IYONG MGA KARAPATAN, PAKIBASA NANG MABUTI BAGO SUMANG-AYON SA KASUNDUANG ITO.

**11.1. Mga Hindi Pagkakaunawaan sa Remitly.** Ayon sa ginamit sa Kasunduang ito, kasama sa “Claim” ang anumang claim, hindi pagkakaunawaan, o kontrobersiya sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na kinasasangkutan mo at ng Remitly na nauugnay sa o nagmumula sa Kasunduang ito, at/o sa mga aktibidad o relasyong kinasangkutan ng, humantong sa, o nagresulta mula sa Kasunduang ito.

Kung naniniwala ka o ang Remitly na posibleng mayroon kang Claim sa kabila, sasang-ayon ka at ang Remitly na talakayin ang Claim sa paraang hindi pormal sa loob ng animnapung araw (60) para suriin kung posibleng magkaroon ng resolusyon. Sa panahong ito, sasang-ayon ka at ang Remitly na dapat singilin ang anumang naaangkop na kautusan sa mga limitasyon. Dapat magsimula ang animnapung (60) araw na ito sa pamamagitan ng pagse-send ng Abiso sa Claim, na dapat ay may kasamang maikling paglalarawan sa sinasabing Claim at ang katotohanan at batas na sumusuporta sa sinasabing Claim sa kabilang partido. Sumasang-ayon kang magpapadala sa amin ng abiso sa Attn: Legal, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101\. Kung maniniwala ang Remitly na mayroon itong Claim laban sa Iyo, aabisuhan ka ng Remitly tungkol sa Claim na iyon sa pamamagitan ng pagse-send sa iyo ng email sa address na ibinigay sa seksyong Profile ng iyong Remitly Account.

Kung hindi mo malulutas at ng Remitly ang sinasabing Claim sa loob ng animnapunag (60) araw mula noong matanggap namin ang Abiso sa Claim, ang partidong nanghihingi ng Claim ay maaari nang magsimula ng pag-aareglo o isang pagkilos para sa maliliit na claim gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Sumasang-ayon ka at ang Remitly na ang pagse-send ng Abiso sa Claim at paglahok sa mga hindi pormal na proseso para sa hindi pagkakaunawaan na tinalakay sa itaas ay prerequisite sa pagsisimula ng anumang pag-aareglo o pagkilos para sa maliliit na claim. Ang hindi pagsunod sa kinakailangang Abiso sa Claim ay batayan para sa pag-dismiss ng anumang pag-aareglo o pagkilos para sa maliliit na claim.

**11.2. Pag-aareglo.**

**Sumasang-ayon ka at ang Remitly na ang anumang Claim ay lulutasin sa pamamagitan ng indibidwal at may bisang pag-aareglo. KUNG GAYON, SUMASANG-AYON KA AT ANG REMITLY NA ALISIN ANG ANUMANG KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS NG JURY AT SUMASANG-AYON NA IKAW AT KAMI AY MAAARING MAGHAIN NG MGA CLAIM LABAN SA ISA'T ISA SA INDIBIDWAL NA KAPASIDAD LANG, AT HINDI BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG CLASS SA**

**ANUMANG PAGLILITIS NG CLASS O KINATAWAN. Sisimulan ng partidong naghahanap ng pag-aareglo ang nasabing pag-aareglo sa JAMS, isang matagal nang provider ng alternative dispute resolution (ADR). Makikita ang impormasyon tungkol sa JAMS sa website nito sa https://www.jamsadr.com/. Sumasang-ayon ka rin at ang Remitly na ang anumang hindi pagkakaunawaan sa pagiging nalalapat nitong Seksyon 11, ang kakayahang aregluhin ang isang Claim, o ang saklaw o kakayahang maipatupad nitong Seksyon 11 ay pagpapasyahan ng isang tagapamagitan.**

**Nakadepende sa pinag-uusapang halaga ang mga panuntunang sumasaklaw sa anumang pag-aareglo sa pagitan Mo at ng Remitly. Para sa Mga Claim sa pagitan Mo at ng Remitly kung saan ang kabuuang halaga ng lahat ng Claim (kasama ang mga fee ng abugado hanggang sa limitasyong ibinigay sa ilalim ng naaangkop na batas) ay lumampas sa $250,000, ang pag-aareglo ay dapat pangasiwaan ng JAMS alinsunod sa Mga Kumprehensibong Panuntunan at Pamamaraan ng Pag-aareglo nito. Makikita ang kopya ng Mga Kumprehensibong Panuntunan at Pamamaraan ng Pag-aareglo ng JAMS sa https://www.jamsadr.com/rules-comprehensive-arbitration/. Para sa Mga Claim sa pagitan Mo at ng Remitly kung saan ang kabuuang halaga ng lahat ng Claim (kasama ang mga fee ng abugado hanggang sa limitasyong ibinigay sa ilalim ng naaangkop na batas) ay hindi lumampas sa $250,000, ang pag-aareglo ay dapat pangasiwaan ng JAMS alinsunod sa Mga Naka-streamline na Panuntunan at Pamamaraan ng Pag-aareglo nito. Makikita ang kopya ng Mga Naka-streamline na Panuntunan at Pamamaraan ng Pag-aareglo ng JAMS sa https://www.jamsadr.com/rules-streamlined-arbitration/\#Rule-1.**

Walang hukom o jury sa pag-aareglo, at limitado ang pagsusuri ng hukuman sa isang resulta ng pag-aareglo alinsunod sa Federal Arbitration Act, 9 U.S.C. § 1 et seq. Gayunpaman, ang tagapamagitan ay maaaring maggawad sa indibidwal na batayan ng mga parehong pinsala at relief gaya sa isang hukuman (kasama ang injunctive at declaratory relief o mga statutory damage) at dapat itong sumunod sa Mga Tuntunin na tulad ng gagawin ng hukuman. Para maiwasan ang pagdududa, ang tagapamagitan ay maaaring maggawad ng pampublikong injunctive relief kung awtorisado ng batas at kinakailangan ng (mga) indibidwal na claim.

**11.2.A. Maramihang pag-aareglo.** Sa kabila ng nabanggit, kung mahigit 75 customer, na kinakatawan ng iisa, magkakaugnay, o nagtutulungang abugado o law firm, ang nagpasimula ng pag-aareglo laban sa Remitly na nagpasa ng magkakatulad o magkakaugnay na Mga Claim, papangasiwaan ang Mga Claim bilang maramihang pag-aareglo sa ilalim ng Mga Pamamaraan at Tagubilin sa Maramihang Pag-aareglo (“Mga Pamamaraan”) ng JAMS. Alinsunod sa Mga Pamamaraan, maaaring pagsama-samahin o gawan ng batch ang Mga Claim sa pagpapasya ng tagapamagitan o Administrator ng Proseso ng JAMS. Kapag naghain ng maramihang pag-aareglo alinsunod sa Mga Pamamaraan, dapat bayaran ng mga partido ang JAMS ng panimulang fee sa paghahain ayon sa itinakda sa Iskedyul ng Fee sa Pamamaraan ng Maramihang Pag-

aareglo ng JAMS. Makikita ang kopya ng Mga Pamamaraan at Tagubilin sa Maramihang Pag-aareglo ng JAMS sa https://www.jamsadr.com/mass-arbitration-procedures. Makikita ang kopya ng Iskedyul ng Fee sa Pamamaraan ng Maramihang Pag-aareglo ng JAMS sa https://www.jamsadr.com/files/uploads/documents/massarbitrationprocedures-fs*4.29.24.pdf*.

**11.2.B. WAIVER SA JURY AT WAIVER SA CLASS ACTION.** HANGGANG SA GANAP NA LIMITASYONG PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, KINIKILALA MO AT SUMASANG-AYON KA NA SA PAMAMAGITAN NG PAGSANG-AYON NA AREGLUHIN ANG MGA CLAIM AYON SA SINABI SA KASUNDUANG ITO, IKAW AT ANG REMITLY AY SUMASANG-AYON NA I-WAIVE ANG KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS NG JURY O LUMAHOK BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG CLASS SA ANUMANG PAGLILITIS NG CLASS O KINATAWAN.

**11.2.C. Pag-opt out.** Maaari kang mag-opt out dito sa Seksyon 11 sa pamamagitan ng pag-aabiso sa amin para sa iyong affirmative na pag-opt out sa pamamagitan ng pagsusulat sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang Kasunduang ito sa pamamagitan ng pagse-send sa amin ng notification sa pamamagitan ng mail ayon sa sumusunod: Remitly, Inc., Attn: Legal, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101\. Dapat mong isama sa notification na iyon ang isang nilagdaang pahayag ng Iyong kagustuhang mag-opt out dito sa Seksyon 11\. Ituturing na napapanahon ang isang abiso kung naselyuhan ito sa o bago ang ika-30 araw sa kalendaryo pagkatapos tanggapin ang Kasunduang ito.

**11.2.D. Pagbubukod sa Hukuman ng Maliliit na Claim.** Sa kabila ng nabanggit, sumasang-ayon ka at ang Remitly na kung ang kabuuang halaga ng lahat ng Claim sa pagitan mo at ng Remitly ay mas mababa sa hurisdiksyonal na limitasyon ng hukuman ng maliliit na claim sa estado kung saan ka nakatira, maaari itong isagawa ng partidong nanghihingi ng nasabing Mga Claim sa isang pagkilos para sa maliliit na claim sa estado kung saan ka nakatira.

**11.2.E. Mga Gastos at Fee.** Ang pagbabayad ng mga fee para sa paghahain, pangangasiwa, at tagapamagitan ay papamahalaan ng mga naaangkop na panuntunan ng JAMS, na napapailalim sa anumang limitasyon ng estado sa mga gastos sa pag-aareglo. Kung mananalo ka sa pag-aareglo, posibleng bigyan ka ng gawad para sa mga bayarin at gastusin sa abugado, hanggang sa pinapahintulutan ng nalalapat na batas. Hindi hihingi ang Remitly, at ipagpapaliban nito ang lahat ng karapatang mayroon ito sa ilalim ng nalalapat na batas sa pagkuha ng mga bayarin at gastusin sa abugado kung mananalo ito sa pag-aareglo maliban na lang kung matuklasan ng tagapamagitan na walang katuturan o inihain nang may hindi naaangkop na layunin ang alinman sa nilalaman ng iyong Claim o relief.

**11.2.F Federal Arbitration Act.** Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang Kasunduang ito ay nagsisilbing ebidensya ng transaction sa interstate na komersyo at samakatuwid ay nalalapat ang Federal Arbitration Act (9 U.S.C. § 1, et seq.) kasama na ang mga probisyon ng pamamaraan, sa lahat ng aspeto. Nangangahulugan ito na ang Federal Arbitration Act ang namamahala, bukod sa iba pang bagay, sa pagpapakahulugan at pagpapatupad sa Kasunduang Mag-areglo at sa lahat ng probisyon nito, kasama na, nang walang limitasyon, ang waiver sa class action.

**11.3. Forum para sa Mga Claim.** Sakaling matukoy ng isang hukuman na hindi maipapatupad ang Seksyon 19 na ito, Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang anumang Claim ay dapat lutasin ng anumang hukuman ng estado o pederal na matatagpuan sa o sumasaklaw sa King County, Washington. Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na magpailalim sa personal na hurisdiksyon ng mga hukuman ng estado at pederal na matatagpuan sa loob ng at sumasaklaw sa King County, Washington para sa mga layuning litisin ang lahat ng nasabing Claim.

**11.4. Kakayahang Maihiwalay ang Probisyon ng Pag-aareglo.** Sa pagkakataong matukoy ng tagapamagitan na hindi maipapatupad o walang bisa ang 11.2.B (WAIVER SA JURY AT WAIVER SA CLASS ACTION), ihihiwalay itong buong Seksyon 11 mula sa Kasunduan at ipapatupad ang Kasunduan na parang hindi kasama sa Kasunduan ang Seksyon 11 na ito\.

**12\. SUMASAKLAW NA BATAS**

Para sa mga hindi pagkakaunawaan sa kahulugan ng Kasunduang ito, maliban sa mga tuntunin ng Seksyon 11, ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang Kasunduang ito ay papangasiwaan ng, at lulutasin ang lahat ng Claim alinsunod sa mga batas ng Washington, maliban sa batas na sumasaklaw sa mga salungatan ng mga batas, at ang lahat ng aktibidad na ginawa kaugnay ng Serbisyo ay ituturing na ginawa sa Washington.

**MISCELLANEOUS**

**12.1. Buong Kasunduan.** Ang Kasunduan ay sumasaklaw sa buong kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly at pinapamahalaan nito ang paggamit mo sa Serbisyo, na nangingibabaw sa anumang naunang kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly.

**12.2 Walang Waiver.** Ang hindi paggamit o pagpapatupad ng Remitly sa anumang karapatan o probisyon ng Kasunduan ay hindi nangangahulugan ng pag-waive sa naturang karapatan o probisyon. Kung mapag-aalaman ng isang tagapamagitan o hukuman ng naaangkop na hurisdiksyon na hindi valid ang anumang probisyon ng

Kasunduan, sumasang-ayon ang mga partido na dapat sikapin ng tagapamagitan o hukuman na bigyan ng naaangkop na valid na bisa ang intensyon ng Kasunduan gaya ng ipinapakita sa probisyon, at mananatiling ganap na ipinapatupad at may bisa ang iba pang mga probisyon ng Kasunduan.

**12.3. Force Majeure.** Maliban hanggang sa limitasyong kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na batas patungkol sa isang Transaction na tinanggap na, hindi kami mananagot para sa anumang pagpalya o pagkaantala sa performance ng Serbisyo hangga't ang naturang pagpalya o pagkaantala ay dulot ng mga bagay na hindi namin makatuwirang makokontrol, kabilang, nang walang limitasyon ang: mga pagbabago sa mga nalalapat na batas; pagsasara o hindi pagiging available ng kinakailangang pisikal o network infrastructure; sovereign default; pagkawala ng kuryente o internet; kaguluhan; digmaan; at lindol, sunog, baha, o iba pang likas na sakuna.

**12.5 Iba Pang Tuntunin.** Ang Kasunduang ito ay puwedeng madagdagan ng mga tuntuning nalalapat sa iba pang mga promosyon, sa aming Programa sa Referral, at iba pang mga tuntuning nalalapat sa iyo kapag ginamit mo ang Serbisyo. Ang mga tuntuning ito ay idinaragdag sa Kasunduang ito bilang sanggunian. Maliban kung iba ang nakasaad dito, sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng Kasunduang ito at ng anupamang kasunduang maaari mong pasukin sa Remitly o isa pang miyembro ng Remitly Group, ang mga tuntunin ng Kasunduang ito ang mangingibabaw.

**12.6. Pagtatalaga.** Hindi mo maaaring italaga o i-transfer ang anumang obligasyon o benepisyo sa ilalim ng Kasunduang ito nang walang pahintulot ng Remitly. Ang anumang pagtatangkang magtagala o mag-transfer na labag sa nakaraang pangungusap ay mawawalan ng bisa sa bawat pagkakataon. Kung gusto mong italaga ang Kasunduang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. Maaaring malayang italaga at i-transfer ng Remitly, nang walang pahintulot mo, ang Kasunduang ito, kasama ang alinman sa mga karapatan o obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduang ito. Ang Kasunduang ito ay magkakaroon ng bisa sa, at tiyak na magbebenepisyo sa, at maipapatupad ng mga partido at kanilang mga pinapahintulutang pagtalaga.

**12.7. Kakayahang Maihiwalay.** Kung hindi maipapatupad ang isang probisyon ng Kasunduang ito, nilalayon ng mga partido na ipatupad ang Kasunduang ito na parang hindi kasama ang hindi maipapatupad na probisyon, at ipapatupad ang anumang bahagyang may bisa at maipapatupad na probisyon hanggang sa limitasyong maipapatupad ito.

**13\. WIKA** Binalangkas ang Kasunduang ito sa wikang English at posibleng magbigay ng mga pagsasalin sa ibang wika. Sumasang-ayon kang mangingibabaw ang English na bersyon ng Kasunduan kung sakali mang magkaroon ng hindi pagtutugma sa pagitan ng English na bersyon at mga isinaling bersyon kaugnay ng anumang hindi

pagkakaunawaang nauugnay sa Kasunduang ito.

**14\. MGA SERBISYO NG THIRD-PARTY. 14.1. Mga Website, Application, at Ad ng Third-Party.**Ang Serbisyo ay maaaring maglaman ng mga link sa mga website ng third-party (**“Mga Website ng Third-Party”**), application (**“Mga Application ng Third-Party”**), at advertisement para sa mga third party (**“Mga Ad ng Third-Party”**) (kung sama-sama, ang **Mga Serbisyo ng Third-Party**). Kapag nag-click ka ng link sa isang Serbisyo ng Third-Party, hindi ka namin bibigyan ng babala na umalis ka sa Serbisyo, at mapapailalim ka sa mga tuntunin at kundisyon (kasama ang mga patakaran sa privacy) ng isa pang website o destinasyon. Hindi kontrolado ng Remitly ang ganoong Mga Serbisyo ng Third-Party. Walang responsibilidad ang Remitly para sa anumang Serbisyo ng Third-Party. Ibinibigay lang ng Remitly ng Mga Serbisyo ng Third-Party na ito bilang ginhawa at hindi nito sinusuri, inaaprubahan, sinusubaybayan, iniendorso, ginagarantiya, o kinakatawan ang Mga Serbisyo ng Third-Party, o anumang produkto o serbisyong ibinibigay kaugnay nito. Ikaw ang mananagot kapag ginamit mo ang lahat ng link sa Mga Serbisyo ng Third-Party. Kapag umalis ka sa aming Serbisyo, hindi na mangingibabaw ang Kasunduang ito at ang aming mga patakaran. Dapat mong suriin ang mga naaangkop na tuntunin at patakaran, kasama na ang mga kasanayan sa privacy at pangangalap ng data, ng alinmang Serbisyo ng Third-Party, at gawin ang anumang pagsisiyasat na sa tingin mo ay kailangan o naaangkop bago magpatuloy sa anumang transaction sa alinmang third party.

**14.2. Pagbabahagi ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Mga Serbisyo ng Third-Party.** Ang Remitly ay maaaring magbigay ng mga tool sa pamamagitan ng Serbisyo na magbibigay-daan sa iyong mag-export ng impormasyon sa Mga Serbisyo ng Third-Party. Sa pamamagitan ng paggamit sa isa sa mga tool na ito, sumasang-ayon kang maaring i-transfer ng Remitly ang impormasyong iyon sa naaangkop na Serbisyo ng Third-Party. Walang responsibilidad ang Remitly para sa anumang paggamit ng Serbisyo ng Third-Party sa iyong na-export na impormasyon.

**14.3. Access sa Application ng Third-Party.** Patungkol sa anumang Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Apple App Store (isang **“App Store Sourced Application”**), dapat mo lang gamitin ang App Store Sourced Application (i) sa isang Apple-branded na produkto na nagpapatakbo ng iOS (proprietary operating system ng Apple) at (ii) ayon sa pinapahintulutan ng “Mga Panuntunan sa Paggamit” na itinakda sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Apple Media, maliban na lang kung ang nasabing App Store Sourced Application ay maaaring i-access, kunin, at gamitin ang iba pang account na nauugnay sa bumili sa pamamagitan ng Family Sharing function, volume purchasing, o Legacy Contacts function ng Apple. Sa kabila ng unang pangungusap sa seksyong ito, patungkol sa anumang Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Google Play store (isang **Google Play Sourced Application**), maaaring mayroon kang mga karagdagang karapatan sa lisensya patungkol sa paggamit ng Application nang pinaghahatian sa

loob ng iyong itinalagang family group.

**14.4. Pag-access at Pag-download sa Application mula sa Apple App Store.** Nalalapat ang mga sumusunod sa alinmang App Store Sourced Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Apple App Store:

- Kinikilala mo at sumasang-ayon kang (i) ang Kasunduang ito ay tanging sa pagitan mo at ng Remitly, at hindi sa Apple, at (ii) ang Remitly, hindi ang Apple, ay ang ganap na may responsibilidad para sa App Store Sourced Application at sa content nito. Ang iyong paggamit ng App Store Sourced Application ay dapat sumunod sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng App Store.

Kinikilala mong walang anumang obligasyon ang Apple para magbigay ng anumang serbisyo ng maintenance at suporta para sa App Store Sourced Application.

- Sakaling nabigo ang App Store Sourced Application sa anumang naaangkop na warranty, maaari mong abisuhan ang Apple, at ire-refund sa iyo ng Apple ang presyo ng pagbili para sa App Store Sourced Application at hanggang sa pinakamalaking limitasyong pinapahintulutan ng naaangkop na batas, walang anupamang obligasyon sa warranty ang Apple patungkol sa App Store Sourced Application. Sa pagitan ng Remitly at Apple, ang anupamang claim, pagkalugi, pananagutan, pinsala, gastos, o gastusing maiuugnay sa anumang pagkabigong sumunod sa anumang warranty ay ganap na responsibilidad ng Remitly.
- Kinikilala Mo at ng Remitly na, sa pagitan ng Remitly at Apple, walang responsibilidad ang Apple na tugunan ang anumang claim na mayroon ka o ng alinmang third party na nauugnay sa App Store Sourced Application o iyong pagkakaroon at paggamit ng App Store Sourced Application, kasama ang, pero hindi limitado sa: (i) mga claim sa pananagutan sa produkto; (ii) anumang claim na hindi nasunod ng App Store Sourced Application sa anumang naaangkop na legal o panregulatoryong kinakailangan; at (iii) mga claim na nagmumula sa pagprotekta sa consumer o katulad na batas.
- Kinikilala Mo at ng Remitly na, sakaling magkaroon ng anumang claim ng third-party na lumalabag ang App Store Sourced Application o ang iyong pagkakaroon at paggamit ng App Store Sourced Application na iyon sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng third party na iyon, sa pagitan ng Remitly at Apple, ang Remitly, hindi ang Apple, ang may ganap na responsibilidad para sa pagsisiyasat, pagtatanggol, pag-aayos at pag-discharge ng anumang nasabing claim sa paglabag sa intelektwal na ari-arian hanggang sa limitasyong kinakailangan ng Kasunduang ito.
- Kinikilala at Sumasang-ayon Ka at ang Remitly na ang Apple, at ang mga subsidiary ng Apple, ay mga third-party na benepisyaryo ng Kasunduang ito na nauugnay sa iyong lisensya ng App Store Sourced Application, at kapag tinanggap mo ang mga tuntunin at kundisyon ng Kasunduang ito, magkakaroon ng karapatan ang

Apple (at ituturing na tinanggap nito ang karapatan) na ipatupad ang Kasunduang ito nang nauugnay sa iyong lisensya ng App Store Sourced Application batay sa iyo bilang isang third-party na benepisyaryo nito.

- Habang hindi nililimitahan ang iba pang tuntunin ng Kasunduang ito, dapat mong sundin ang lahat ng naaangkop na tuntunin ng kasunduan ng third-party habang ginagamit ang App Store Sourced Application.

**15\. IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN.** Ang mga tanong, notification, at kahilingan para sa mga refund o karagdagang impormasyon ay maaaring i-send sa Remitly, gaya ng sumusunod: online; sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa 1-888-736-4859 (sa labas ng United States, tumawag sa (206) 535-6152); o sa pamamagitan ng mail sa Remitly Inc., attn: Customer Service, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.